


Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa pagbebenta ng mga produktong tabako at e-cigarette sa Queensland.

Ang factsheet na ito ay binabalangkas ang mga batas na dapat mong sundin kung nagbebenta ka ng mga produkto sa paninigarilyo. Ang mga batas ay nalalapat sa mga tabako, e-cigarette at kagamitan sa vaping, herbal na sigarilyo at loose blend, shisha at kaugnay na produkto katulad ng mga papel, filter, tip, pods, likido at asin, pampalasa, cutter, mouthpiece, rolling machine at pipa.

Para sa karagdagang impormasyon:

- bisitahin ang www.health.qld.gov.au/public-health/topics/atod/smoking-laws/retail
- tumawag sa 13 QGOV (13 74 68)
- suriin ang Mga Batas para sa pagtitinda ng mga produkto sa paninigarilyo: Mga kinakailangan para sa gabay ng mga nagtitinda, ang Tobacco and Other Smoking Products Act 1998 at ang Tobacco and Other Smoking Products Regulation 2021.



Para sa karagdagang impormasyon sa iyong wika, tumawag sa 13 74 68 at humingi ng interpreter.

Mayroong ilang mga pangunahing bagay na dapat mong gawin kung nagbebenta ka ng mga produkto sa paninigarilyo

Bago magbenta ng mga produkto sa paninigarilyo dapat mong tiyakin na:

- mayroon kang lisensya at magpakita ng isang kopya nito kung saan ka nagbebenta ng mga produkto sa paninigarilyo
- Ang mga empleyado na wala pang 18 taong gulang ay hindi magbebenta o hahawak ng mga produkto sa paninigarilyo
- ikaw at ang iyong mga empleyado ay hindi nagbebenta ng produkto sa paninigarilyo sa mga taong wala pang 18 taong gulang
- hindi ka nagpapakita, nag-aanunsiyo o nagsusulong ng mga produkto sa paninigarilyo
- natutugunan mo ang mga kinakailangan tungkol sa kung saan ka nagbebenta at kung paano ka nag-iimbak ng mga produkto sa paninigarilyo
- hindi ka nagbebenta ng anumang mga ipinagbabawal na produkto
- itatago mo ang kopya ng mga resibo para sa pagbili ng iyong stock ng produkto sa paninigarilyo sa loob ng dalawang taon.

Dapat mayroon kang lisensya upang makapagbenta ng mga produkto sa paninigarilyo

Sa pagsapit ng ika-1 ng Setyembre 2024, kailangan mong kumuha ng isang lisensya upang magbenta ng mga produkto sa paninigarilyo at magpakita ng isang kopya ng lisensya sa iyong tindahan. Kailangan mong tiyakin na ang iyong negosyo ay handa na para sa pagbabagong ito. Suriin ang website ng Queensland Health para sa impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon at pag-apruba at mga timeframe.

Ang mga empleyado na wala pang 18 taong gulang ay hindi pwedeng magbenta o humawak ng mga produkto sa paninigarilyo

Mula sa ika-1 ng Setyembre 2024, dapat mong tiyakin na ang mga batang empleyado ay hindi nagbebenta o humahawak ng mga produkto sa paninigarilyo bilang bahagi ng kanilang trabaho. Kung ang iyong negosyo

ay may mas mababa sa 20 na bilang ng empleyado, mayroon kang hanggang ika-1 ng Setyembre 2025 upang matugunan ang kinakailangang ito.

Ang mga produkto sa paninigarilyo ay hindi dapat ibenta sa mga taong wala pang 18 taong gulang

Dapat mong tiyakin na ikaw at ang iyong mga empleyado ay hindi nagbebenta ng mga produkto sa paninigarilyo sa mga taong wala pang 18 taong gulang.

Dapat may maipakita kang isang paskil na nagsasabi na isang pagkakasala ang mag-suplay ng mga produkto sa paninigarilyo sa mga taong wala pang 18 (ipinag-uutos na babala) sa lugar kung saan nagsisimula ang bentahan o sa/ malapit sa iyong vending machine ng tabako.

Dapat kang magbigay ng pagsasanay sa iyong mga empleyado, kabilang ang:

- pagtuturo sa kanila na huwag magbenta ng mga produkto sa paninigarilyo sa mga bata at makita nila ang katanggap-tanggap na katibayan ng edad
- babala sa kanila na kung nagbebenta sila ng mga produkto sa paninigarilyo sa mga bata ay maaari silang magmula
- pagtatala ng pagkilala sa pagsasanay na ito mula sa bawat kawani.

Mula sa ika-1 ng Setyembre 2024, kailangan mo ring turuan ang mga empleyado na magbigay lamang ng mga produkto sa paninigarilyo kapag awtorisado sa ilalim ng iyong lisensya at kung ang empleyado ay isang bata – na hindi magbigay ng mga produkto sa paninigarilyo. Kung ang iyong negosyo ay may mas mababa sa 20 ang bilang ng mga empleyado, mayroon kang hanggang ika-1 ng Setyembre 2025 upang matugunan ang bagong pagsasanay na kinakailangan para sa mga batang empleyado.

Maaari kang mag-order ng karatula na naglalaman ng ipinag-uutos na babala at mga porma ng pagkilala sa pagsasanay ng empleyado nang libre sa pamamagitan ng pagtawag sa 13 QGOV (13 74 68).

BAGO

BAGO

BAGO

Ang mga produkto sa paninigarilyo ay hindi dapat ipakita, i-anunsiyo o isulong

May mga limitadong paraan na maaari mong ipaalam sa mga customer ang tungkol sa mga produkto sa paninigarilyo na iyong ibinebenta.

Maaari kang:

- magkaroon ng isang karatula na naglalaman ng ipinag-uutos na babala at isang pinahihintulatang babala ('mga produkto sa paninigarilyo na ibinebenta dito') na nakapaskil kung saan nagsisimula ang bentahan
- gumamit ng pare-parehong mga price tags na nakakatugon sa mga kinakailangan tungkol sa lokasyon, laki, porma, kulay at ang uri ng impormasyon na maaaring isama sa price tags
- gumamit ng isang rehistradong pangalan ng negosyo na may kasamang sanggunian sa mga produktong paninigarilyo
- ipakita ang hindi hihigit sa tatlong hookah (Kabilang dito ang mga bahagi, packaging o mga imahe ng isang hookah).

Hindi ka maaaring:

- mag-advertise ng mga produkto sa paninigarilyo
- magpakita ng mga produkto sa paninigarilyo
- gumamit ng mga kumpetisyon, pamudmod o iba pang mga insentibo upang itaguyod ang mga produkto sa paninigarilyo
- gumamit ng mga pangalan ng negosyo na may kasamang anumang bagay tungkol sa presyo ng mga produkto sa paninigarilyo
- magpakita ng mga imahe at video na nagsusulong ng pagkonsumo, paggamit o nauugnay sa isang produkto sa paninigarilyo
- gumamit ng anumang iba pang mga salita o paskil sa iyong tindahan na nagmumungkahi na magbenta ka ng mga produkto sa paninigarilyo.

Ang mga produkto sa paninigarilyo ay maaari lamang ibenta mula sa ilang mga lugar at dapat na naka-imbak sa ilang mga paraan

Maaari ka lamang magbenta ng mga produkto sa paninigarilyo mula sa isang punto ng pagbebenta hal. sa isang counter.

Dapat mong panatilihin ang mga produkto sa paninigarilyo sa isang paraan na ang iyong mga customer ay hindi maaaring makita o makuha ang mga ito, hal. sa isang aparador sa gilid ng counter.

Ang factsheet na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon. Dapat kang humingi ng independiyenteng legal na payo upang matiyak na natutugunan mo ang lahat ng mga legal na pangangailangang naaayon sa batas na maaaring magamit sa iyong negosyo.

Ang mga batas ng Pamahalaan ng Australya tungkol sa pag-aanunsiyo at pag-iimpake ng tabako ay maaari ring magamit sa iyong negosyo. Ang impormasyong ito ay hindi nakabalangkas sa factsheet na ito ngunit makikita sa <https://www.health.gov.au/topics/smoking-and-tobacco/about-smoking-and-tobacco/smoking-and-tobacco-laws-in-australia>

1. Ito ay kinokontrol ng *Medicines and Poisons Act 2019*

Hindi ka maaaring magbenta ng mga produkto sa paninigarilyo mula sa isang pansamantalang tindahan hal. sa isang talipapa o sasakyan.

Sa kasalukuyan maaari ka lamang magkaroon ng isang vending machine ng produkto ng tabako sa mga lugar na lisensyadong magbenta ng alak sa loob ng bar at mga lugar na may mga gaming machine o sa casino. Mula 1 Setyembre 2024, ang mga lisensyadong lugar ng alak ay maaari lamang magbenta ng mga produktong tabako mula sa isang service counter at ang isang vending machine ng produktong tabako ay dapat na matatagpuan sa isang lugar na para lamang sa mga kawani (hal. Sa likod ng bar).

BAGO

Ang ilang bilang ng mga produkto ay ipinagbabawal at hindi pwedeng ibenta

Hindi ka maaaring magbenta ng mga:

- sigarilyo, mga herbal na sigarilyo, loose tobacco at loose smoking blend na wala sa pakete at hindi nakakatugon sa minimum na mga kinakailangan na dami
- tabako na walang usok katulad ng snus, snuff o chewing tobacco
- mga ice pipes o bongs
- nicotine vaping products (maliban kung may reseta at ibinigay ng isang botika)
- mga bagay na kahawig ng mga produktong tabako
- confectionary o mga sigarilyong may lasang prutas
- mga produkto sa paninigarilyo na hindi nakakatugon sa payak na pag-iimpake at babala sa kalusugan o iba pang mga kinakailangan na ipinag-uutos ng regulasyon ng Estado (ipinagbabawal na tabako).

Hindi ka maaaring mag-imbak o mag-angkin ng ipinagbabawal na tabako sa iyong lugar.

Kung mayroon kang isang vending machine ng produkto ng tabako hindi ka maaaring magbenta ng mga e-cigarettes o mga kaugnay na produkto, mga herbal na sigarilyo o loose smoking blend mula sa makina.

Dapat kang magtago ng kopya ng iyong mga resibo nang hindi bababa sa dalawang taon

Dapat kang magtago ng kopya ng mga resibo para sa pagbili ng iyong stock ng produkto sa paninigarilyo nang hindi bababa sa dalawang taon.

BAGO



Queensland
Government